BC Renal Agency
An agency of the Provincial Health Services Authority

Panahon na ba upang Pamahalaan ko ang Aking Sariling mga Karayom?

Ano ang ibig sabihin ng “pagself-needle” sa fistula?

Ang ibig sabihin ng “self-needling" ay *ikaw* mismo ang maglalagay ng mga karayom para sa dialysis sa iyong fistula. Kung hindi mo ito magagawa, maaaring gawin ito para sa iyo ng isang helper.

Ano ang mga benepisyo at mga kahirapan?

Mga benepisyo ng self-needling:

- Ikaw ang bahala kung sino ang magpapasok ng karayom.
- Ayon sa maraming mga pasyente, mas kaunti ang stress at mas kaunti ang kirot.
- Mas kaunting maling pagtusok, infiltrations (pamamaga mula sa pagpasok ng karayom sa fistula wall) at mga hematoma (pagdurugo sa ilalim ng balat). Ito ay dahil nararamdaman mo ang loob at ang labas ng fistula.
- Posibleng i-self-needle ang ilang fistula na hindi maaaring tusukan ng karayom sa ibang paraan (halimbawa, masyadong maikling fistula o fistula na iilan lamang ang lugar na matutusukan ng karayom).
- Nagpapahintulot sa pagtanggap ng dialysis sa isang independent dialysis unit o sa bahay.

At tandaan na ikaw ang pinaka-maaapektohan kung hindi tama ang pagtusok ng karayom!

Mga kahirapan sa self-needling:

- Maaaring abutin nang mas magtagal sa bawat dialysis session kaysa sa standard needling.
- Maaaring maimpeksiyon (lalo na kung ang paglilinis at pagtanggal ng langib o scab ay hindi nagawa nang tama).

Kanino pinaka-mainam ang self-needling?

Ang self-needling ay hindi para sa lahat at hindi para sa bawat access. Pero para sa ilan, ito ay talagang mainam.

Mga bagay na nakakatulong upang gawing matagumpay ang self-needling:

- Ang kagustuhang mag-self-needle o magkaroon ng care giver/helper na pumapayag na magtusok
- Kayang hawakan ang karayom nang hindi nanginginig
- Malakas ang pakiramdam sa mga daliri
- Malinaw ang paningin
- May mabuting personal na kalinisan (upang maiwasan ang impeksiyon)

Sa pangkalahatan, ang lower arm fistulas sa braso na hindi mas madalas ginagamit ay ang pinakamadaling i-self-needle.

Ano ang buttonhole needling?

Mayroong 2 paraan upang itusok ang karayom sa fistula:

1. Rope ladder method
2. Buttonhole method

Sa rope ladder method, ang lugar na pagtutusukan ng karayom ay iniikot tuwing tinutusukan ng karayom ang fistula. Ito ay naiiba sa buttonhole method kung saan ang parehong dalawang lugar (isa para sa bawat karayom) ay tinutusukan ng karayom bawat beses sa eksaktong parehong anggulo at parehong direksyon. Pagkatapos ng 8-18 beses, nagkakaroon ng scar tissue sa paligid ng karayom papunta sa isang tunnel – tulad ng butas ng tainga para sa hikaw. Tumutulong ang tunnel upang i-guide ang mga karayom papasok sa fistula. Ang mga maliliit na butas, na magkakatabi, ay parang mga butas sa butones.

Oras na nabuo ang buttonhole track, gumagamit ng mga espesyal na hindi matalim na karayom na mas malamáng na hindi makakahiwa sa fistula o makakabago sa track. Karaniwang madaling ipasok ang mga karayom.

Ang buttonhole needling ay gumagana nang maigi para sa mga tao na nagse-self-needle.

Kung sa palagay mo'y maigi para sa iyo ang self-needling, ano ang susunod na gagawin?

Kausapin ang iyong kidney doktor o nars upang malaman kung maaaring gumana para sa iyo ang self-needling.

Mga simpleng bagay na magagawa upang masanay ka sa sariling pagtusok ng iyong mga karayom:

- Panoorin ang ibang tao habang inilalagay nila ang kanyang sariling mga karayom.
- Tingnan habang ipinapasok sa iyo ang iyong sariling mga karayom – kahit sulyap lamang sa una, kung ito lamang ang kaya mong gawin. Tumingin nang mas matagal bawat treatment.
- Hawakan ang iyong mga site sa katapusan ng treatment kung hindi mo pa ito nagagawa.
- Tanungin ang staff kung maaari mong hawakan ang karayom upang masanay ang iyong mga kamay dito.
- Hilingin ang staff na ituro sa iyo kung paano ipasok ang iyong mga karayom.

Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa self-needling at buttonhole method?

Fistula First Website

- Cannulation techniques: *www.fistulafirst.org/videos/cannulation_chapter6.php*
- Mga benepisyo ng self-cannulation at mga rekomendasyon sa training, buttonhole technique at self-cannulation. *www.fistulafirst.org/videos/cannulation_chapter7.php*

Home Dialysis Central Website

- Ang pagself-cannulate ng dialysis patient na si Bill Peckham gamit ang Buttonhole technique. *www.homedialysis.org/resources/links/BillMovie1.flv*
- Pagsisimula ng Buttonhole at Pag-cannulate ng isang Buttonhole (ipinapakita ang bawat hakbang at ang mga diagram) *www.homedialysis.org/learn/buttonhole/*